SITAO

Scientific Name: ***Vigna sinensis var. sesquipedalis Frunv.***
Family: **Leguminosae**

Ang sitao, na binansagang “karne ng mahirap” ay mayroong pinakamalaking produksiyon kung ihahambing sa ibang legumbre. Mayaman ito sa sustansya lalo na sa protina.

Ang mga uri: Black-seeded, Red-seeded, White Singapore, Green and Purple Pods at Bush Sitao at pinagbuting uri ng UP College of Agriculture.

Maitatanim ang sitao sa lahat na uri ng lupa at lalong mabuti kung ang lupa ay buhaghag. Maitatanim rin ito sa buong taon.

Paraan ng Pagtatanim

Araruhin at suyurin nang 2-3 ulit ang lupang taniman upang ito’y maging pino at buhaghag. Magtanim ng 2-3 binhi sa lalim na 3 sentimetro sa bawat tundos na may 60-80 sentimetrong agwat sa bawat tudling na may isang metrong pagitan. Maglagay ng tulos sa bawat tundos kapag sumibol na ang tanim.

Maglinang nang minsan o dalawang beses at mag-alis ng damo. Patubigan ang pananim tuwing ika-10 araw kung tag-araw.

Maglagay ng abono sa mga tudling bago magtanim. Kakailanganin ang 250 kilong abono sa bawat ektarya.

Ang mga murang bunga na panggulay ay maaani pagkaraan ng 60-80 araw pagkatanim. Ang mga tuyong bunga ay maaani pagkaraan ng tatlong (3) buwan.

Ang mga uod, uwang, langaw (bean-fly) at kuto (aphids) sa halaman ang mga peste na sumisira sa pananim na sitao. Upang mapangalagaan ang mga pananim, magbomba ng Sevin kung kinakailangan.